

CHAPTER ONE

Collaboration

“Flash Report! Pansamantala muna naming pinuputol ang programang inyong pinapanood upang bigyang-daan ang isang nagbabagang balita,” anang sikat na announcer sa telebisyon.

Kagigising lang ni Tuesday Garrido mula sa mahabang pagpapahinga dahil nakaramdam siya ng matinding antok kanina nang dumating sa apartment building mula sa practice sa firing range.

Inilipat niya ng lalagyan ang tirang ulam kaninang umaga upang initin iyon sa microwave oven. Hindi pa siya nakakapagtanghalian dahil nga sa sarap ng tulog niya kanina.

She was enjoying her off from work.

“Mga kaibigan. Kasalukuyan pong nagaganap ang isang hostage taking incident sa...”

Napukaw ang atensyon niya sa screen ng nakabukas na telebisyon.

Isang sikat daw na restaurant ang pinasabog kani-kanina lang. Quince katao ang namatay at hindi kukulangin sa cincuenta katao ang nasugatan. Dinala na ang mga ito sa mga pagamutan at ang ilan ay nasa kritikal na kalagayan.

“Ganoon ba ako kapagod?” nagtataakang naibulalas ni Tuesday dahil kung tutuusin ay napakalapit sa tinitirhan niya sa mga pinangyarihan ng mga krimen pero wala siyang kamuwang-muwang doon. Wala siyang narinig man lang.

Iniimbestigahan pa raw ang tunay na nangyari sa insidente pero isang haka-haka ay baka dahil daw nandoon ang mayor nila sa kainang nabanggit, at ito ang talagang pakay ng pagpapasabog.

Suwerteng nagpunta sa palikuran ang mayor nang inihagis ng dalawang kalalakihang sakay ng motorsiklo ang bomba kung kaya hindi nasama sa mga napatay o nasaktan ang alkalde.

Madaling naitimbre ang pagtakas ng dalawang salarin kaya nahabol agad ng mga rumespondeng pulis. Kabilang ang mga miyembro ng *Police*

Security and Protection Group o *P.S.P.G.*, ang grupong kinabibilangan niya, sa mga naitalagang magprotekta kay Mayor.

Kaso may mga hawak na high powered guns at mga pampasabog ang mga suspek. Madaming natamaang pulis at ari-arian. Nang magipit, huminto ang mga ito sa gasolinahan na malapit sa residential area at sa isang ospital.

Hinostage ng mga ito ang isang lalaking nagpapakarga ng gasolina at pinatamaan din ang mga guwardya roon.

“May hawak na granada ang isa sa mga suspects. Naalis na ang pin niyon,” sabi ng field reporter kaya lalo siyang napatitig sa screen.

Kapag nagkataon, mas madaming buhay at ari-arian ang madadamay dahil siguradong malaking apoy na lilikhain kapag sumabog doon ang granada.

Doon nakita ni Tuesday ang pamilyar na mga gusali at daanan malapit sa tinitirhan niya.

Pero kahit anong pilit ay hindi niya maaninag ang mukha ng na-hostage. Mukhang malayo ang kinaroroonan ng cameraman. Natatakpan naman ang mukha ng mga salarin ng baclava masks.

Nabahala na ang dalaga at wala sa loob na naikuyom ang kamao. Nakakainis ang mga taong

walang pakialam sa kapwa.

“Nagdadatingan na ang mga pinatawag na S.W.A.T. units, kasamang Fabian,” patuloy ng reporter sa announcer. *“Susubukan nating kapanayamin ang isa sa mga miyembro nito.”* Biglang nagbago ang pinapalabas sa screen.

Nahagip ng kamera ang lalaking hindi niya inaasahang makita muli.

Biglang bumilis ang tibok ng puso ni Tuesday at bahagya siyang pinagpawisan. Pinatay niya tuloy ang oven at inisip na baka iyon ang dahilan ng init sa katawan na bigla niyang naramdaman.

He still looked so handsome and dashing.

Pare-pareho naman ang suot at ayos ng mga S.W.A.T. troopers o iyong mga pulis na kabilang sa elite force na kung tawagin ay *‘Special Weapons and Tactics’*. Sumailalim ang mga ito sa tactical workout program na maihahantulad sa pinagdadaanan ng mga *Army Commandos* o *Navy S.E.A.L.s*, mga elite groups ng sangay ng hukbong sandatahan. Binuo ito para kaharapin ang mga sitwasyon kung saan ang kapahamakan na maaaring maidulot sa buhay at ari-arian ay maituturing na delikado o high risk. Kaya naman hindi basta-bastang maging miyembro nito.

Subalit may hindi maipaliwanag na bagay kay

Sgt. Benjamin Balmores na nagpapaangat sa hitsura nito kaya naman kahit sa mga reporters ay kapansin-pansin ang binata.

“Sir, Sir...”

“Sgt. Balmores...” tawag ng mga mamamahayag na sumubok lumapit kay Ben para kausapin ito. Halos nakatingala ang karamihan dahil litaw ang tangkad nito kahit napalibutan ng mga tao.

Tumingin ang matipunong lalaki sa mga ito.

“Ladies and gentlemen, please allow us to do our job first,” seryoso nitong sabi saka parang may sinenyasan bago dali-daling pumunta sa mga kasamahan. Kabilang doon ang mga miyembro ng *Bomb Squad*.

Parang lumundag ang puso ni Tuesday. Pakiramdam niya ay tiningnan siya ni Ben at kinawayan nang mapatingin ito sa camera ng nag-co-cover ng balita.

And how she missed his wonderful voice. Always in control... in command. And reassuring. Parang kayang-kaya ka nitong ipagtanggol sa kahit kanino. At walang masamang mangyayari sa sinumang nasa ilalim ng proteksyon ni Ben.

He did not sound rude to the reporters but was actually very professional. He made sure they

understood he demanded cooperation from them when he said those words.

Nagpapakitang tunay na iniisip muna ni Sgt. Ben Balmores ang kapakanan ng hostage at ang pagresolba ng kasalukuyang sitwasyong kinakaharap.

Kahit nga iyong mga babaeng reporter at mga nakikiusisa ay bahagyang napatanga sa lalaki. He looked like a ‘Superhero in Black Fatigues.’

Agad na nagsilapit ang ilang pulis at hinarangan ang mga gusto pang sumunod sa sarhento.

“Kasamang Fabian, babalikan ko kayo at pinalalayo na kami ng mga pulis para na rin sa aming kaligtasan,” paalam ng reporter sa announcer.

Dali-daling inilipat ni Tuesday ang TV channel.

Umasa siyang may karagdagang balita pa tungkol sa insidente.

Ayaw niyang aminin sa sarili ang totoo: na umaasa siyang masisilayan pa niya muli si Ben.



“Sir, na-evacuate na ba ang lahat ng mga tao sa mga building?” tanong ni Benjamin ‘Ben’ Balmores sa opisyal ng lokal na presinto doon.

“Oo, Sarhento. Nakapaglagay na din kami ng mga harang para kung sakali mang hindi ito

maiwasan ay...”

Napalingon si Ben sa mga taong hinaharang ng mga kasamahan nilang pulis.

Hindi niya napigilang ikunot ang noo nang makitang tila parami nang parami ang mga nakikiusisa.

Bakit ba ang mga Pilipino ay parang likas na tsismoso?

Imbes na isipin ng mga ito na puwede silang mapahamak, nandoon ang mga ito at pinipilit na lumampas sa mga barikada, para lang lalong mapanood ng mga ito ang mga nangyayari.

Napansin din ni Ben ang mga pinalikas sa mga gusaling nakapalibot sa gasolinahan ay nandoon at nakikiusyoso rin sa kalye. Kanya-kanyang kuha ng video gamit ang mga cellphones.

Dagdag pa ang mga miyembro ng media na kulang na lang ay sumama sa kanila sa briefing at i-broadcast ang mga plano nila.

Pero bigla siyang natigilan nang may makitang pamilyar na mukha sa mga ito.

Am I dreaming? tanong niya sa sarili dahil hindi siya makapaniwala.

Isang balingkinitan at matangkad na babae ang hinayaang maglakad palampas sa mga barikada.

She was walking with so much confidence and grace. Maaliwalas ang bahagyang nakangiting mukha nito kung kaya kahit ang mga kasamahan at ang ibang mga nakikiusyoso ay natigilan at napatingin din sa babae.

Nagmukhang catwalk ang pagitan ng briefing area at ng mga barikada.

“Sino siya? Bakit may sibilyang pinalapit?” narinig ni Ben na tanong ng isa niyang kasamahan.

He wanted to look away but he could not help himself from staring at her.

Lalo na nang mapansin niyang tila sinasadya ng babae na salabungin din ang kanyang tingin. Na para bang ang buong atensyon nito ay sa kanya lamang nakatuon at siya mismo ang dahilan ng pagpunta nito sa lugar na iyon.

Hindi namalayan ni Ben kung naglakad ba siya palapit sa babae dahil ang sunod na lamang niyang namalayan ay kaharap na niya ito. Ang tanging sigurado lang niya ay nanatili silang nakatingin sa mga mata ng isa’t isa.

Ben wanted to smile as they continued to stare at each other. He could also feel the intensifying pressure in his chest that he knew would only disappear if he could touch her.

Hindi niya namalayang itinaas niya ang kanang kamay para abutin sana ito.

Biglang sumaludo at sumeryoso ang babae. Doon lamang parang natauhan si Ben at nagawang pigilan ang sarili.

Napalitan ng pagtataka ang kanyang ekspresyon dahil bigla niyang naalalang mas mataas ang ranggo ng babae sa kanya, kaya bakit siya nito sinasaluduhan?

Noon niya napansing lagpas na ang tingin ng babae sa kanya at hindi para sa kanya ang saludong iyon. Pagkatapos, bahagya din nitong binigyan ng tango ang nasa likuran niya.

Gustong mamula ni Ben nang mapansing nakataas pa rin ang kamay niya na aabot sana sa dalaga. Sumeryoso siya at tumindig nang maayos saka itinaas nang tuluyan ang kamay para sumaludo.

“At ease.” Sa wakas ay nagsalita ang babae nang sandali siyang tinapunan ng tingin, bago naglakad lagpas sa kanya.

“Captain Garrido. I apologize, but... we were not expecting you,” takang-takang sabi ni Captain Julius Dela Rosa, ang senior officer ni Ben at team leader ng binuong task force para sa insidenteng ito.

Mas naunang na-appoint si Capt. Dela Rosa

kaysa kay Capt. Garrido kaya technically, mas senior ito sa babaeng opisyal.

“Two of our men have briefed me,” sagot ng babae.

“But—”

“Don’t worry, Capt. Dela Rosa,” putol nito sa kausap. “I will not actively participate in the rescue or the negotiation. Gusto ko lang sanang sumuporta. ‘Yung hostage...”

“... is very special to her,” wala sa loob na sabat ni Ben.

Noon lang din niya naalala kung bakit pamilyar ang mukha ng lalaking hostage nang mapanood nila ng team niya ang mga live news feed. Hindi pa nga niya alam ang pangalan niyon kanina. Pero ngayon, naalala na rin niya bigla.

Lalo nang ma-realize niya ang tunay na dahilan bakit naroon si Tuesday.

Napakunot ang noo niya para itago ang naramdamang sakit.

Takang-takang napatingin sa kanya ang mga taong nakapaligid sa kanila; mukhang hindi alam ng mga ito na magkakilala sila... at may nakaraan.

Biglang pinagpawisan si Ben at doon lamang natauhan. Lalo pa nang mapansing napalingon

sa kanya ang babaeng opisyal na parang hindi makapaniwala sa sinabi niya. Halatang pinipigilan nitong magsalita.

“I apologize. I presumed you know the hostage, Ma’am,” bawi ni Ben.

Mukhang wala naman sa mga kasamahan niya ang nakaisip ng totoong dahilan ng inasal niya.

Nanatiling nakatingin sa kanya si Capt. Garrido pero imbis na magalit, ngumiti ito sa wakas.

Naramdaman ni Ben na biglang bumilis ang tibok ng kanyang puso. Tila lulundag iyon palabas ng dibdib niya.

Pero pinigilan niyang magpakita ng kahit anong emosyon. Nanatili lang siyang seryosong nakatingin sa opisyal nang hindi sinasalubong ang mga mata nito tulad ng isang sundalong handang mapagalitan ng superior.

“Sgt. Balmores, I really don’t mind confirming your statement...” pilyang tumingin si Tuesday sa kanya habang nakangiti pa rin, “that I know the hostage.”

She was enjoying teasing Ben. Gusto niya tuloy sabay na mainis at matuwa.

Torture ba ito? naisip ng binata.

Nagtataka namang napatingin sa kanya ang

mga kasamahan niya. Nahihiwagaan na ngayon ang mga ito kung matagal na nga ba silang magkakilala ni Capt. Garrido. Tila iba kasi ang pakikitungo ng babae sa kanya.

Iwinaksi ni Ben ang mga nararamdaman. Kailangan niyang maging propesyonal.

“With due respect, Ma’am, but I think it would be better for you to let the S.W.A.T. and the bomb squad handle this situation,” seryosong pahayag niya. “We would like to proceed with...”

“With due respect also, I am not here to undermine your authority, Sgt. Benjamin Balmores.” Nagbago ang tono ng pananalita ni Tuesday. Animo ito... nanunuyo? “Like what I’ve said, I am here to... support you.” Tila nakikiusap ang babaeng huwag niyang isarado ang kanyang isip.

Sandaling tiningnan ni Ben si Tuesday at wala sa loob na napabuntong-hininga siya, lalo na nang tumango sa kanya si Capt. Dela Rosa na parang ipinahayag ang pagsang-ayon nito sa babae.

Wala siyang nagawa kundi harapin na ang mga kasamahan niyang naroroon.

“This is what we know so far.” Talunang sinabi ni Ben sa mga miyembro ng team niya at ng ibang grupo ng S.W.A.T., ng bomb squad, at ng mga

kapulisang nakatalaga doon.

Agaran silang nagsimulang magplano ng tactical maneuver habang nakikipagnegosasyon na ang isa pa nilang kabaro sa mga hostage takers.

Kung papalarin, magagawa nilang iligtas ang hostage at mahuli ang mga salarin nang walang napipinsalang mga kagamitan o naibubuwis na buhay.

Bakit nga ba lagi siyang napapasuko ni Captain Tuesday Garrido?

CHAPTER TWO

That Young Lady Officer

“Ben!”
B Kunut-noong nilingon niya si Tuesday Garrido, ang bagitang commanding officer niya.

Nasa canteen siya ng tanggapan nila at kasalukuyang nanananghalian.

“With due respect, Ma’am, call me Sgt. Balmores,”
aniya nang ito ay nakalapit.

Isa pa lamang siyang Police Staff Sergeant o PNP Police Officer 3 (PO3) noon. Mas mataas lang ng isang ranggo sa isang Police Corporal at dalawang ranggo naman sa isang patrolman o baguhang pulis.

At dahil isa siyang non-commissioned officer, ang pinakamataas na ranggo na maaari lamang maabot

ay Police Executive Master Sergeant o PNP Senior Police Officer 4 (SPO4).

Ang totoo, ayaw niyang tinatawag siya sa palayaw ng mga katrabaho niya. Ayaw din niyang mapalapit sa mga ito.

Lalo na iyong mga mas nakakataas sa kanya ang ranggo. Mas hindi siya komportableng nakikibarkada sa mga commissioned officer o iyong mga graduate ng PNP Academy. Karamihan sa kanila ay mataas ang tingin sa mga sarili porke doon nagtapos ng training at edukasyon.

Otomatikong Inspector o Police Lieutenant kaagad ang mga ranggo ng mga ito kapag naka-graduate at itinatalaga na sa field. At ang ranggong iyon ay mas mataas pa sa pinakamataas na puwede niyang maabot.

Naalala na naman ni Ben ang pinalitan nitong bagitang opisyal sa team nila.

Ubod ng hambog, palibhasa ay anak ng mataas na opisyal ang mokong na iyon, bukod pa sa topnotcher ito ng batch. Pero tamad ito. Bihirang sumama sa field work at nang-aaway pa ng kliyente. The guy was actually a bully.

“Bakit ba ang sungit mo palagi?” Si Tuesday.

Tumingin lang siya rito at pinagpatuloy ang

pagkain.

“O ako lang ang sinusungitan mo?” habol nito nang hindi siya umimik.

“Tinyente, wala ho akong intensyon at karapatang magsungit lalo na sa commanding officer ko,” sa wakas ay sagot ni Ben dahil patuloy ang pagtitig nito sa kanya na parang hinihintay na sagutin niya talaga ang tanong nito.

“Then, you don’t mind me joining you for lunch,” nakangiti nitong sabi bago umupo na lang basta sa bakanteng upuan sa harap niya at inilipag sa mesa niya ang dala nitong tray. May intensyon itong saluhan talaga siya.

Muntik nang lumuwa ang mga mata niyang nakatitig dito, lalo na nang mapansing napalingson sa kanila ang ibang naroon. Ayaw niyang maging sentro ng atensyon.

Binilisan ni Ben ang pagkain. Ito pa naman ang oras niya para sa sarili.

“Tapos ka na?” takang-takang untag ni Tuesday. Hindi ito makapaniwalang nilunok niya nang hindi nginunguya ang pagkain niya.

Napairap ang babae nang tatayo na sana siya. Mukhang naramdaman nitong iniiwasan niya ito.

“Permission to leave, Ma’am.” Wala siyang

nagawa kundi magpaalam.

*Kinunot ng babaeng opisyal ang ilong. “Ayoko.”
Pilya itong umiling.*

Muntik na siyang mapanganga.

*“Manny!” biglang sigaw ni Tuesday kung kaya
napalingon siya sa direksyong tinitingnan nito.*

*Kinawayan nito ang isang kasama nila sa grupo
na kagagaling lang sa counter at may dala ring tray
ng pagkain.*

*Natawa ang lalaki nang salubungin ang kanyang
tingin. Alam kasi nitong naaasiwa siya sa bago nilang
kasamahang opisyal.*

*“Ma’am,” bati ni Manny kay Tuesday saka
bahagyang tumango sa kanya nang makalapit sa
mesa nila.*

*“Dito ka na kumain. Si Ben kasi, takot na kasama
ako sa table,” lantarang sinabi ni Tuesday.*

*“Hindi naman sa takot, Ma’am. May tatapusin pa
kasi akong report,” agaran niyang tanggi.*

*Umismid ang babaeng opisyal. “Look, I really
want you to treat me like one of you. Madami pa
tayong pagdadaanang kaya gusto kong mapagtibay
ang samahan natin. How can you guys entrust
yourselves in my care and vice versa, if we do not
establish confidence among us?” pahayag ni Tuesday*

sa kanila ni Manny.

Nakatingin lang siya rito.

“O baka mali ang basa ko sa inyo,” malungkot nitong dugtong. “Do I also have to prove my worth because I am a woman?”

Naramdaman niyang tila madami na itong pinagdaanang pagsubok. Mahirap maging babae sa mundo nila na dinodomina ng mga kalalakihan, malamang palagi nitong kailangang patunayan na kaya nito ang mga ginagawa nila kahit iyong mga bagay na sila mismong mga lalaki ay nahihirapan.

“Will you give me a chance? Ako mismo ang iiwas sa inyo kung hindi ko mapapakitang karapatdapat ako sa tiwala n’yo.” Seryoso silang tiningnan ni Tuesday sa mga mata.

Wala sa loob na umupo siya muli.

“O, akala ko ba aalis ka na, Ben?” Ngumiti si Tuesday. Halatang tuwang-tuwa na nakumbinsi siyang samahan ito.

“Tingin ko ho kasi mabilis lang din kayong kumain.” Pinilit niyang ngumiti upang ipakitang binabago na niya ang pakikitungo rito.

Tumawa ang babae nang malakas. “Marunong ka palang ngumiti, Ben,” puna nito.

Hindi niya napigilang matawa, lalo na nang

napatingin siya kay Manny na humahagap ng tawa. Ipinangako niya kasi rito na hindi siya mapapasuko nitong babaeng opisyal nila. Kinain na ni Ben ang lahat ng sinabi niya sa kasamahan.

“And guys, pakiusap, call me ‘Tuesday,’” sabi ng babae. Lalong umaliwas ang mukha nito na nakangiti sa kanila.

CHAPTER THREE

Exes

*S*i Mickey Rosario.

Ito ang hostage na kasalukuyang hawak ng mga salarin sa gasolinahan. Tila nasasakal ito at kitang-kita ang sobrang takot.

Nasaksihan ni Ben ang pag-aalala ni Tuesday habang nakatingin ito sa screen ng monitor. Hindi rin nakaligtas sa kanyang paningin ang kalungkutan sa mga mata ng dalagang opisyal.

Marahil napansin din nito ang suot na singsing ni Mickey sa kaliwang palasingsingan dahil nakahawak at pilit na tinatanggal ng lalaki ang kamay ng suspect sa leeg nito.

“Siguro mahal mo pa din siya.”

“Ano ’yun, Sarge?” anang katabi niya.

Wala sa loob na napatingin si Ben sa mga kasamahan. Halos namula siya nang makitang nakatitig sa kanya ang lahat at takang-taka ang mga ito; mukhang nahihiwagaan na talaga sa mga kinikilos at pinagsasabi niya sa gabing iyon.

Did he say it out loud again? Parang gusto niyang matunaw lalo na nang mapansing nakatingin din si Tuesday.

Pero imbes na mainis sa sarili, napatanga si Ben. Naawa siya sa hitsura ni Tuesday; may namumuong luha sa mga mata ng babaeng kapitan.

He wanted to hold her and comfort her at that moment. Pero hindi puwede. Hindi *na* puwede.

Umiling-iling si Ben para gisingin ang sarili.



Magkahalong awa, inis, at lungkot naman ang naramdaman ni Tuesday habang tinititigan sa screen si Mickey.

May pagtingin pa ba siya rito?

He looked older. Nagbago na rin ang pangangatawan nito. He really gained weight. Muntik na nga niyang hindi ito makilala dahil malaki na ang pinagbago ng hitsura nito ngayon kumpara noong huli niyang nakita ilang taon na ang nakalipas.

Mickey was her senior in the company she used to work for as a sales representative. He was a perfect gentleman and a handsome one for that matter. She was very satisfied with their relationship. He made her feel very special. She could still remember the efforts he exerted to show her he really loved her.

But Mickey wanted a family. A simple wife who would stay at home and take care of his children.

Kaya noong sinabi niya rito na papasok siya sa *Academy* at magpupulis, nagkaroon ng malaking pagbabago sa pakikitungo nila sa isa't isa. Mickey said she had changed and he could not accept it. Lalo na noong nakapagtapos at naging opisyal na siya.

Mickey admitted he was insecure especially when she was in uniform and armed. Nakakalalaki?

Tuesday knew Mickey was an alpha male. Mataas ang posisyon nito sa kompanyang pinasukan nila, and he really dominated in every aspect. Napipikon nga ito kapag binibiro na siya ang magtatanggol at magpoprotekta rito.

Before she knew it, she lost him and his love.

And now, seeing that ring that Mickey was wearing, she knew that he had finally realized his dream.

Expected naman iyon ni Tuesday noong

mabalitaan niya na isang kasamahan niya dati ang dine-date ni Mickey. But what really saddened her was that she might lose Mickey for good tonight.

Kahit hindi maganda ang paghihiwalay nila, ayaw niya pa ring makita itong nasasaktan, lalo na ang mawalan ng buhay.

She honestly wanted to rescue Mickey because he's part of her past. Kahit paano ay may pinagsamahan sila.

Pero ang mas tunay na ikinalulungkot niya ay ang makita muli si Ben nang personal pagkatapos ng napakatagal na panahon.

Para pa ngang isang panaginip.

Ben did not change. Earlier, when they stood in front of each other, she wanted to hold him. Touch him. Kiss him. Because she really missed Ben that much.

God, she still loves him! Hiram na hiram ang kalooban niyang kontrolin ang kanyang mga emosyon. Hindi niya tuloy napansin na muntik nang tumulo ang luha niya.

Ben was so near, and yet she could not swallow her pride to let him know how she really felt.

Hanggang kailan mo siya titiisin? tanong niya sa sarili.

Hindi maganda ang mga nabitiwan niya ritong salita noon. Pinagbintangan pa niya ito ng kung anu-ano dahil sa irasyonal niyang pag-iisip.

Parang may sinabi sa kanya si Ben kaya napalingon siya rito. Nakita niyang tumingin ito sa mga kasamahan nito.

Was she imagining things? Doon siya parang natauhan muli. Naisip niyang kailangan nang matapos ng gulong ito. Alam na niya sa sariling malabo nang bumalik sila ni Ben sa dati. Pagkatapos nito, hindi na niya ito muling gagambalain. May sari-sarili na silang buhay.

Tanggap na niya na gaya ni Mickey, si Ben ay isang parte na lang ng kanyang nakaraan.



Pinag-aralan ni Tuesday ang hostage-taking scene.

May snipers na sa periphery, pero hindi nila mapatamaan ang dalawang suspects kahit pa on target na dahil puwedeng ang mismong pagpapaputok ang maging dahilan ng pagsabog ng lugar. O kaya ay kapag napatamaan ang salarin, mabitawan ang granada at sumabog iyon.

Ang granada at hostage din na hawak ng mga ito ang dahilan kaya hindi magawang lapitan ng

ibang team members ang dalawa. Puwedeng mag-panic ang mga ito at ihagis ang granada o mabaril ang hostage.

Pero hindi rin sila papayag na basta na lamang makaalis ang mga ito nang ganoon lang. Kailangan nilang managot sa batas at mapaamin kung sino ang nag-utos sa mga ito.

Inilibot ni Tuesday ang tingin sa paligid at pagkatapos ay napatingin siya kay Ben.

Tila naramdaman ng binata ang titig niya dahil napalingon din ito sa kanya. Pero parang napasong inilayo rin nito kaagad ang tingin mula sa kanya.

Napangiti siya. Alam niyang bilang superior ni Ben, hindi ito makakatangging kausapin siya... tulad dati noong bago pa lang silang magkakilala at ramdam din niyang umiiwas ito.

“Sgt. Balmores!” aniya nang nakalapit siya sa binata.

Halatang nagulat pa ito nang marinig ang tinig niya sa tabi nito.

“I have an idea,” seryoso niyang sabi kay Ben.

Halatang nag-aalinlangan itong makipag-usap sa kanya pero dahil nakatingin din ang mga subordinates nito ay pinili nitong makinig at makipagtulungan.

Itinuro niya ang building malapit sa hostage taking. Then, she pointed at one of its windows that was directly overlooking the roof of the gas station.

“If you could access that building and look through that window, you could probably set a zipline to the roof of those pumping stations,” suhestyon ni Tuesday. “Then, you could get on that roof, rappel down, and surprise the two from behind.”

Tumingin sa kanya si Ben na mukhang nakita sa isip nito eksakto kung ano ang gusto niyang mangyari.

Ngumiti siya nang mabasa sa mga mata ng kausap na pamilyar din dito ang sinasabi niyang tactic.

Naisip niya kasi ang kamakailan lang na naging hostage-taking din at nagawang nailigtas ng kasamahan nilang babaeng pulis ang biktima sa pamamagitan ng halos parehong tactic.

The lady officer’s reckless yet effective way of catching the hostage-taker in that jewelry shop was jumping from a building’s roof and then surprising the suspect from behind.

“All you need to do is to continue distracting the suspects with what’s in front of them,” dagdag

ni Tuesday nang masigurong kumbinsido na si Ben.

“Alright, guys, you heard the captain. Let us do it,” anang sarhento at hinati na nito ang team sa paggawa ng tactical maneuver na sinuggest ni Tuesday.

Ben also saw that it could control the situation in a fast and efficient way, with zero casualties.

Iniutos din nitong lalong palayuín ang mga taong nasa paligid. Just in case, they fail. Pinagbawalan din ang pagkuha ng video o larawan.

Muling nagtama ang mga tingin nila ni Ben. Sandali lamang itong tumango bilang pag-acknowledge sa ambag niya at pasasalamat na rin. Isinuot nito ang headgear para tutukan na ang operasyon.

Hindi maintindihan ni Tuesday pero nalungkot siya bigla nang wala na ito sa tabi niya.

Once again proving at that moment that she missed him more than she missed Mickey.

“Ben!” wala sa loob na tawag niya.

Sandaling tumigil ang binatang sarhento at muling lumingon sa kanya.

“Be careful,” was all she had said.

Though Tuesday wanted to run to him and tightly embrace him, too.



“It was a team effort,” pahayag ni Sgt. Ben Balmares sa press conference na kino-cover ng mga istasyon ng telebisyon nang natapos na ang hostage-taking at matagumpay na naisagawa ang tactical manuever na naisip ni Tuesday.

Umalis siya kaagad sa lugar nang matapos ito dahil naisip niyang ayaw niyang makita siya ni Mickey. At hindi rin niya kayang tingnan pa ulit si Ben na malamig ang pakikitungo sa kanya.

Sapat na sa kanya na ligtas ang mga ito.

Napangiti si Tuesday habang pinagmamasdan si Ben sa TV screen. Nagpapasalamat ito na walang nasaktan na sibilyan at naiwasan ang isang sakuna.

Pinangako rin nito na pananagutan ng dalawang suspects ang karumal-dumal na ginawa nito at papaaminin tungkol sa kung sino ang nasa likod ng lahat.

“Officer Lulette Santos is also stable and currently being treated,” tukoy nito sa isang member ng S.W.A.T. na nadaplisan kanina ng bala nang magpaputok ng suspect. Agad pinrotektahan ng babae ang hostage sa pamamagitan ng pagharang ng katawan at pagpapadapa dito. Nagalusan din ang kanang braso ng babae. Pero mabuti at walang

nagliyab dala ng pagpapaputok na iyon.

“And Mr. Michael Rosario is undergoing debriefing,” saad nito nang may nagtanong ng tungkol sa hostage. “And lastly, to Captain Tuesday Garrido, thank you.” Derechong nakatingin si Sgt. Ben Balmores sa camera, like he knew she was watching everything.

Sumaludo ito kasama ang mga *S.W.A.T.* troopers at iba pang kasamahan na nasa likod bago tuluyang nagpaalam sa media.

Naramdaman ni Tuesday na tila lumundag ang kanyang puso mula sa dibdib niya habang wala sa loob na napangiti nang pagkatamis-tamis sa telebisyon niya.

Pero biglang nalungkot din siya nang maisip na malamang iyon na ang huli nilang pagkikita ni Ben.

CHAPTER FOUR

Kumusta Ka?

*K*inakabahan si Ben habang naghihintay sa labas ng opisina ni Captain Tuesday Garrido. Daig pa niyon ang kabang nararamdaman niya kapag nasa field siya. Doon kasi ay alam niya kung paano dedepensahan ang sarili. Handa at may ideya siya kung ano ang puwedeng mangyari. May mga baong tactical maneuvers palagi. He knew different countermeasures for every possible situation. Kahit magkagipitan.

Pero ngayon, pakiramdam ni Ben ay susugod siya sa isang laban nang hindi siya handa at hindi alam kung ano ang gagawin. At hindi niya kayang pagkatiwalaan ang puso niya, baka mapaamin na lang siya bigla sa tunay niyang nararamdaman para

sa babaeng opisyal.

Kanina pa nga kumakabog ang dibdib niya dahil nasasabik na siyang makita muli ang kapitan. Laman ito palagi ng isipan niya simula noong magkita sila muli sa hostage-taking.

“Ben! Be careful,” lagi niyang naalala na sinabi nito.

Masayang isiping may malasakit ang dalaga sa kanya. Although of course, she just wanted to be sure he did his job well... for the hostage.

But he really missed Tuesday that even in his dreams, he could see her vividly.

Aatakihin na yata siya sa puso dahil palagi na lang itong tumitibok nang mabilis. Lagi ding mainit ang pakiramdam ng mga pisngi niya... ng buong katawan. Hindi rin siya makakain at makatulog sa kakaisip.

Kaya naman ngayong nabigyan siya ng pagkakataong makita at makausap muli si Tuesday ay hindi na niya pinalampas.

Inisip niya muli ang mga salitang ilang beses niyang inensayong sasabihin.

“Sargeant Balmores...”

Nagulat pa siya nang hinawakan ng assistant ni Tuesday ang kanyang balikat. Mukhang kanina pa

siya nito tinatawag.

Ben also became absentminded recently because of Tuesday. Bagay na napapansin na rin ng mga kasamahan niya sa team. And he could not believe he was affected that much.

“Captain Garrido will see you now, Sir,” anang assistant.

Tumango siya at agad na dumerecho ng tayo.

He was in his all-black police battle dress uniform with those prominent letters on his chest: S.W.A.T.

Kaya naman bukod sa kapita-pitagan ang mapabilang sa grupong ito, lalong napatitig at namangha ang assistant dahil may kakaibang naidulot sa unipormeng iyon ang pagsuot niya roon.

Ben wore it so well.

Tila napakagiting at napakakisig niya lalo na nang inalis niya ang kanyang black cap. Napakita ang may pagka-Ceasar cut with taper fade niyang gupit at umaliwalas lalo ang kanyang mukha.

Hindi tuloy napigilan ng assistant ni Tuesday na mapangiting pagmasdan siya habang sinusubukan niyang maging confident na maglakad papasok sa tanggapan ni Tuesday.

Kaso hindi siya kaagad tiningnan ng babaeng

opisyal nang makapasok siya sa silid nito.

Tuesday was looking at some documents. And she looked so perfect.

Kahit bahagyang magulo ang naka-pony tail na itim na buhok nito na umaabot nang tatlong pulgada lagpas ng balikat. Hindi niya pagsasawaang titigan ang maliit nitong mukha, almond-shaped nitong mga mata, at ang high cheekbones.

Gusto niyang dampian ng bibig niya ang maninipis at mapupula nitong labi nang mapatingin siya sa mga iyon... at haplusin ang bahagyang sunburned nitong balat dahil sa field work. He somehow remembered how smooth and soft her skin was.

Kahit nakaupo ay masasabing matangkad si Tuesday para sa isang babae. But he was taller than her so he remembered her being very feminine on his side... making him feel like he could provide her protection. Kahit alam niyang hindi nito kailangan iyon.

At ang balingkinitan nitong pangangatawan ay pinapanatili nitong fit at healthy para magampanan ang tungkulin.

Taliwas sa suot niyang battle attire, nakauniporme ito ng standard *PNP GOA* type A blue uniform

ng mga commissioned officers. Mukhang may pinuntahan itong importanteng meeting kanina.

Ben wanted to smile. He wanted to go to her and hold her like how he used to greet her. Maybe give her a kiss... just like before.

Pero hindi puwede. So he just continued to stare at her.

Nagpapasalamat siya na hindi pa siya nito napapansin dahil malaya niyang magagawang panoorin ito nang matagal.

Pero may parte rin niya ang hindi sigurado kung gusto rin ba siyang makita ng dalaga.

“Ma’am, Sargeant Balmores reports,” sa wakas ay napilitan niyang sabi habang nakatayo pa din sa may pintuan ng tanggapan ni Tuesday.

Doon lamang siya tinapunan ng tingin ng kapitan. Hindi ito nagpakita ng kahit anong emosyon. Though Ben was actually expecting her to be surprised.

Tuesday stared at him, at his face. Ben felt like he was being scrutinized when she looked at him from head to toe. Pero nanatili siyang seryoso kahit hindi niya alam kung ano ang iniisip ng babaeng opisyal.

Baka nga hindi niya ako gustong makita.

Ben then reminded himself that he was there for

an official business. Dapat iyon lang ang isipin niya.

“Come in.” Sa wakas ay nagsalita si Tuesday. Itinabi nito ang mga papel na hawak at umayos ng upo.

Lumapit siya sa mesa at sumaludo sa harap nito. Lalo siyang kinabahan habang nakatindig nang derecho. And she remained so indifferent. Dahil kaya dalawa lang silang nandoon?

“Carry on,” anito at sandaling sumaludo rin.

Nanatiling nakasimangot si Tuesday na animo naistorbo sa mga importanteng ginagawa nito.

“Ma’am, thank you for seeing me,” magalang niyang sabi.

She continued to stare at him. Hindi man lang siya pinaupo kaya parang nangangatog na ang mga tuhod niya sa kaba at pag-aalinlangan.

“I know this visit may come as surprise but I...”

Itinaas ni Tuesday ang kamay kaya natigilan siya.

“Kayecee...” anito sa intercom device.

“Yes, Ma’am?” sagot ng assistant sa labas.

“Can you bring us cups of coffee here?”

“Right away, Ma’am.”

Napatitig si Ben sa kaharap.

Parang ayaw niyang magkape. Lalong kakabog ang dibdib niya at babaliktad din ang kanyang

sikmura.

“Ma’am, hindi...”

Natawa si Tuesday kaya natigilan siya muli.

“Hindi ka magtatagal?” Parang itinuloy nito ang sasabihin niya sana para tanggihan ang kapeng iaalok nito.

Pero mas napatunganga siya nang makitang umaliwalas ang mukha ni Tuesday nang tumawa ito.

Ben also felt his heart skip a beat at the sound of her laugh.

“I am sure you have a very good reason for seeing me, Ben. Hindi mo ako pupuntahan para mangamusta lang, di ba?” amused nitong untag. “So take your time and have a cup of coffee while you discuss it.”

Natahimik siya. He felt this pang of guilt and sadness. Was he that desperate?

“Just relax, Ben. Take a seat.” Sa wakas, pinaupo siya ni Tuesday.

Parang gusto na niyang umalis. Hindi na siya sigurado bakit siya nandoon. Facing Tuesday actually made him feel pathetic.

“You were saying?” tanong ni Tuesday nang nasa harapan na nila ang mga tasa ng kape at nang mapansin nitong hindi na siya muling umimik sa

kanyang kinauupuan.

Naisip niyang huwag nang magpaliguy-ligoy para hindi na tumagal ang torture na ito.

“Ma’am, the purpose...” Pakiramdam ni Ben ay namumula ang likod ng mga tenga niya dahil sa nararamdamang init.

Lalo na nang makitang titig na titig na naman sa mukha niya si Tuesday. *May dumi ba ’ko sa mukha?* muntik na niyang nasabi dahil sa hindi komportableng nararamdaman.

Nagpatuloy na lang siya sa sasabihin. “I mean, the real reason I’ve met you today, Ma’am, is because I would like to ask you to consider letting a former S.W.A.T. trooper in your team,” derecho na niyang saad sa kanyang alibi. Ang totoo ay gusto lang talaga niyang makita si Tuesday... marinig ang boses nito, mapagmasdan ang nakangiting mukha, matitigan ang mga mata at labi ng dalaga.

Pero naalala rin niya ang dati niyang subordinate na nasangkot sa isang kaso ng Police Brutality o Assault. Napawalang-sala naman ito at napatunayang self-defense ang lahat. Kaso naging mainit ang mata ng mga tao at media sa kapulisan, kaya hindi ito nakaligtas sa kasong administratibo. She was removed from the unit for conduct unbecoming a

S.W.A.T. member. Hindi naman ito nasibak bilang pulis, nailipat lang ng presinto. Kaso umaasa pa rin ito na makabalik sana kaya nagpasa muli ng application.

“I can vouch for her upright character, exemplary performance, professional competence, and unwavering dedication to her work,” sabi niya kay Tuesday.

Kinalimutan na ni Ben ang nararamdamang pag-aalinlangan at nag-focus sa kapakanan ng isa sa mga kabaro nila.

“I believe she deserves a second chance, but I was told she could no longer come back to our unit,” malungkot niyang saad. “Nanghihinayang lang ako sa kapabilidad niya. Nasasayangan ako sa potensyal niya at sa maaring marating pa. She is overqualified for her current assignment.”

Ngumiti si Tuesday. “She must be that special, Ben.”

Hindi niya maintindihan pero parang kahit nakangiti, malungkot ang mga mata ni Tuesday nang salubungin niya ang tingin nito. He wanted to approach her and comfort her at that moment. Pero pinigilan niya ang sarili at itinuon ang atensyon sa tasa ng kape.

“What made you think that?” napilitang tanong niya.

Ben was actually guilty. Hindi niya masabing naaalala niya palagi si Tuesday dahil sa bagitang pulis na iyon. Paano lahat ng bagay rito—mula sa itsura, kilos, gawi, at ultimo dedikasyon sa trabaho—ay parang si Tuesday noon. He could actually fall for her, but he knew he could not.

Ayaw niyang aminin noon pero nang makita niya muli si Tuesday ay sigurado na siya sa sagot kung bakit hindi puwedeng magmahal ng iba ang kanyang puso.

“Because you are asking me a special favor, Ben.” Si Tuesday. “If you are the Ben I knew...”

Parang may tumarak sa puso niya. ‘Knew’. Iba na ba ang tingin nito sa kanya ngayon?

“...hindi ka basta-basta humihingi ng pabor. So I’m really curious to know who this girl is.” Parang tinutukso siya ng kausap.

Iniabot niya sa babaeng opisyal ang folder na hawak. “Here is PO2 Sheryll Santos’ resume... and my recommendation.” Halos hindi niya masabi ang pahabol na mga kataga.

Binasa ni Tuesday ang mga nakapaloob sa folder.

Tiningnan din nito ang mga litrato at articles sa

pahayagan na inilakip niya. Si Sheryll ang mismong bagitang pulis na nagsagip sa hostage doon sa jewelry shop robbery, iyong walang takot na tumalon sa mula sa labing-apat na talampakang building para bagsakan at sopresahin ang hostage-taker.

Umaasa siyang nabalitaan din ni Tuesday iyon dahil ang tactic na nirekomenda nito noong hostage-taking sa gasolinahan ay may pagkakahawig sa principles at pamamaraan ng ginawa ni Santos.

“When do you want us to see her?” tanong ng babae.

Halos napanganga siya. Nanatili lang siyang nakatingin dito, hindi makapaniwalang pumapayag ito kaagad sa gusto niyang mangyari.

“Officer Sheryll Santos did not apply with us so I need you to be with me when I offer her the position in our team,” paliwanag ni Tuesday nang hindi siya sumagot kaagad.

Parang sinabi sa kanya na pinangangalagaan din nito ang pride ng P.S.P.G. Baka mamaya ay tanggihan pa sila ni Sheryll Santos.

Wala sa loob na napangiti siya. Naisip niya kasing makikita at makakasama niya muli si Tuesday. His heart was fluttering because of the unexplained happiness that she made him feel at that moment.

Napakunot-noo si Tuesday nang makitang nagliwanag ang mukha niya at nagbago siya ng disposisyon. Para bang pinakita ng babae hindi ito makapaniwala na pinasaya siya nito talaga.

“There you go.” Natawa si Tuesday. “Si Officer Sheryll Santos lang pala ang magpapangiti sa ’yo, Ben,” tukso nito.